WCB FACTS 2024

PAGKALKULA NG MGA BENEPISYO PARA SA NAWALANG SAHOD

Binabayaran ng Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) ang mga benepisyo ng nawalang sahod batay sa pagkawala ng iyong kakayahang kumita.

Ang mga benepisyo para sa nawalang sahod ay ginawa para palitan ang iyong mga sahod kung di ka nakapasok sa trabaho dahil sa pinsala sa lugar ng trabaho. Sa karamihan ng mga situwasyon, ang rate ng iyong benepisyo para sa nawalang sahod ay batay sa 90 porsiyento ng iyong take-home na sahod (net na sahod). Ang mga benepisyo para sa nawalang sahod para sa mga pinsalang nangyari sa o makalipas ang Enero 1, 2022 ay sumasailalim sa isang maximum na maaaring i-insure na kita na limitasyon. Ang maximum na maaaring i-insure na mga kita para sa 2024 ay $160,510.

Paano kinukuwenta ng WCB ang aking antas ng benepisyo?

Kinukuwenta ng WCB ang iyong mga benepisyo sa kawalan ng sahod sa apat na hakbang.

Hakbang 1: Kinukuwenta ang mga gross na kita

Ginagamit ng WCB ang iyong mga kita bago ang pinsala para kalkulahin ang iyong gross na kita. Ang iyong gross na kita ay kinakalkula batay sa iyong regular na mga kita, kung pareho ang mga oras ng trabaho mo kada linggo, o ang average na mga taunang kita kung paiba-iba ang mga oras ng trabaho o may irregular na oras sa trabaho (halimbawa, paiba-iba ang oras o overtime, seasonal na trabaho, nakakontratang trabaho, atbp.).

Gagamitin ng WCB ang formula na pinakamainam na kumakatawan sa iyong trabaho at gawi ng pagkita bago maganap ang pinsala.

Kung, bilang resulta ng iyong pinsala, nawawalan ka ng kita mula sa ibang mga pinagkukunan sa trabaho, isasama ang mga ito sa pagkalkula para matukoy ang iyong kabuuang gross na kita.

Hakbang 2: Kinukuwenta ang mga net na kita

Upang malaman ang mga net na kita, inilalapat ng WCB ang mga posibleng pagbabawas at mga kredit sa buwis. Nakabatay ang mga pagkukuwenta sa mga pamantayang pagbabawas at mga kredit sa buwis na ginagamit ng Canada Revenue Agency (CRA, Ahensya ng Kita ng Canada), na may pagsangguni sa *Income Tax Act*.

Kabilang sa mga posibleng pagbabawas ang:

- buwis sa kita,
- Plano para sa Pensyon ng Canada (Canada Pension Plan o CPP),
- mga primyum sa Employment Insurance (EI, Seguro sa Trabaho), at
- iba pang mga pagbabawas na maaaring itatag ng Lupon ng mga Direktor sa pamamagitan ng regulasyon.

Kasama sa mga tax credit ang mga na-claim para sa mga pangunahing personal na halaga, halaga para sa asawa o common-law partner, mga umaasang anak, mga gastos sa pag-aalaga ng anak at mga pagbabayad ng sustento sa asawa kung iuulat mo ang mga credit na iyon sa iyong income tax return.

TANDAAN: Ang mga posibleng pagbawas ay kumakatawan sa mga tinantiyang halaga; hindi babayaran ang CRA sa ngalan mo para sa income tax, mga kontribusyon sa CPP o mga premium sa EI.

Hakbang 3: Pinagpapasyahan ang antas ng benepisyo ng WCB

Ang mga net na kita na pinagpapasyahan sa hakbang 2 ay gagamitin upang kalkulahin ang iyong antas ng benepisyo sa kawalan ng sahod.

- Sa karamihan sa mga sitwasyon, ang antas ng iyong benepisyo sa WCB ay nakabatay sa 90% ng mga net na kinita.

- Kung ang iyong net na kawalan ng kita ay mas mababa o katumbas ng mga pinakamababang taunang kita, ang rate ng iyong benepisyo ay magiging 100% ng iyong net na kita.

- Kung ang 90% ng net ng kawalan ng kita mo ay mas mababa kaysa sa matatanggap mo batay sa 100% ng net na minimum na taunang kita, ang rate ng iyong benepisyo ay batay sa 100% ng iyong net ng mga kita.

Ang pinakamababang taunang kita na nagkabisa noong Oktubre 1, 2023, ay $31,824 at walang pagbabago sa Enero 1, 2024.

Hakbang 4: Mga diskuwento sa buwis (sheltering) ay salik sa antas ng benepisyo

Hindi binubuwisan ang mga benepisyo ng WCB. Upang mapahupa ang benepisyo sa buwis na nilikha ng iyong binawasang mabubuwisang kita, binabawasan ng WCB ang antas ng benepisyo upang mas malapit na sumalamin sa iyong taunang pagkawala ng mga kita.

HALIMBAWANG PAGKUWENTA NG BENEPISYO

Walang Asawa, Walang mga Umaasa				
Kabuuang Lingguhang Sahod	**Kabuuang Taunang Sahod**	**100% Aktuwal na Halaga o Net (Lingguhan)**	**90% Net Sheltered (Lingguhan)***	**100% Net Sheltered (Lingguhan)***
$350.00	$18,200.00	$309.69	hindi angkop	$297.70
$500.00	$26,000.00	$411.66	hindi angkop	$393.82
$650.00	$33,800.00	$488.47	hindi angkop	$471.27
$1,000.00	$52,000.00	$748.85	$655.38	hindi angkop
$1,200.00	$62,400.00	$872.75	$760.59	hindi angkop
$1,500.00	$78,000.00	$1,069.44	$940.35	hindi angkop

Halaga para sa Kasal, Mga Claim, Asawa o Common-law Partner, Dalawang Umaasa				
Kabuuang Lingguhang Sahod	**Kabuuang Taunang Sahod**	**100% Aktuwal na Halaga o Net (Lingguhan)**	**90% Net Sheltered (Lingguhan)***	**100% Net Sheltered (Lingguhan)***
$350.00	$18,200.00	$327.47	hindi angkop	$326.47
$500.00	$26,000.00	$466.10	hindi angkop	$465.10
$650.00	$33,800.00	$563.67	hindi angkop	$558.21
$1,000.00	$52,000.00	$821.38	$702.15	hindi angkop
$1,200.00	$62,400.00	$943.34	$805.61	hindi angkop
$1,500.00	$78,000.00	$1,137.11	$982.74	hindi angkop

*Ang 90% Net Sheltered at 100% Net Sheltered na mga halaga ay kumakatawan sa buong lingguhang mga benepisyo sa kawalan ng sahod na natatanggap ng isang napinsalang manggagawa mula sa WCB kung sila ay wala nang iba pang kita kasunod ng pinsala, batay sa mga antas ng taunang kita na ipinapakita.

Lubos na mahalaga na inyong iulat ang wastong impormasyon para sa buwis sa WCB dahil sa makabuluhang diperensyang nagagawa nito sa pagkuwenta ng benepisyo.

Ang mga kredit sa buwis at/o ibinabawas na buwis na mailalapat sa petsa ng pinsala, at isinasangguni sa hakbang 1, ay mananatiling nakatakda sa unang dalawang taon, kahit na magbago ang iyong katayuan sa panahong iyon. Gayunpaman, may dalawang hindi kasama:

- Kung ang iyong impormasyon ay hindi available sa oras nang tanggapin ang claim, o

- Kung ang impormasyon na nasa amin sa oras nang tinanggap ang claim ay hindi wasto.

Kung ang tax credit at/o impormasyon ng pagbawas sa buwis na gagamitin ng WCB para kalkulahin ang iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod ay hindi available o hindi tama, ang aming mga pagkakalkula ay mababatay sa "walang asawa na walang mga umaasa" hanggang matanggap ang impormasyon. Ang iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod ay iwawasto kapag natanggap o nakumpirma na ang iyong impormasyon. Ipapatupad ang pagbabago ng retroactive sa petsang nagsimula kang tumanggap ng mga benepisyo para sa nawalang sahod. Matitiyak nito na walang pagkaantala sa mga bayad sa iyo.

Kung hindi ka pumapayag na magbigay ng impormasyon sa buwis, ikaw ay ilalagay sa klasipikasyon bilang single na walang mga umaasa at walang gagawing mga adjustment sa iyong rate ng benepisyo sa loob ng dalawang taon.

Mayroon bang mga eksepsyon sa pamamarang ginamit sa pagkuwenta ng pagkawala ng kakayahang kumita?

Oo, sa ilang mga kaso, pinapahintulutan kami ng *The Workers Compensation Act* na tingnan ang hinaharap upang magtatag ng mga average na kita batay sa iyong posibleng pagkawala ng kakayahang kumita. Ang pamamaraan na ito ay gagamitin lang sa mga natatanging pangyayari, tulad ng:

- kung ikaw ay nasa probationary period sa iyong employer;
- kung kakasimula mo lang sa iyong unang trabaho o kamakailan na bumalik sa pagtatrabaho;
- kapag ang mga pangyayari sa iyong trabaho ay lubos na nagbago; o
- kung ikaw ay isang apprentice, declared na manggagawa o nagtatrabahong estudyante.

Ang mga benepisyo ng naideklarang manggagawa ay ibabatay sa hindi bababa sa kalahati ng Pang-industriyang Average na Sahod sa panahon ng pinsala. Ang mga idineklarang manggagawa ay sinumang tao o grupo ng mga taong wala sa karaniwang kalagayan sa trabaho, pero idineklarang mga manggagawang nagtatrabaho sa ilalim ng *The Workers Compensation Act.* Kasama sa mga halimbawa ng idineklarang manggagawa ay:

- isang pang-emergency na manggagawa (emergency service worker) na may maliit lang na natatanggap na halaga o walang bayad

- isang estudyante sa high school o post-secondary o nag-aaral sa isang nakarehistrong center na nagtatrabaho bilang bahagi ng kanilang kurso at

nagtatrabaho sa anumang uri ng propesyon, negosyo, industriya o trabaho pero hindi nagtatrabaho para sa isang provider ng karanasan sa trabaho.

Tandaan: Ang mga average na kita ng mga manggagawa ay sasailalim sa anumang pinakamataas na antas ng taunang kita na naitalaga sa petsa ng aksidente.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkalkula ng mga benepisyo, mangyaring tawagan ang iyong tagapasya o tagapangasiwa ng kaso.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.